

Estado ng Illinois
Komisyon sa Karapatang Pantao

Komisyon sa Karapatang Pantao ng Illinois

TAUNANG ULAT PISKAL NA TAON 2022
(Hulyo 1, 2021-Hunyo 30, 2022)

talaan ng nilalaman

- 1** tungkol sa komisyon
- 3** liham mula sa tagapangulo [chair]
- 4** ang taon na sinusuri
- 9** pangkalahatang-ideya ng proseso
- 11** mga case study
- 16** ano ang susunod? isang tanaw sa hinaharap
- 17** ayon sa mga numero
- 20** mga komisyoner at kawani
- 21** torture inquiry and relief commission
piskal na taon 2022 taunang ulat



tungkol sa komisyon

Noong Disyembre 6, 1979, ang Batas sa Karapatang Pantao ng Illinois [*Illinois Human Rights Act*] ("Batas"), 775 ILCS 5/1-101 et seq. ay nilagdaan bilang batas. Sa loob ng mahigit na 43 taon, ang Batas ay nagbigay ng pinakamalawak na saklaw ng mga karapatang sibil para sa mga tao ng Illinois sa kasaysayan ng Estado. Ang Batas ay lumikha ng dalawang magkahiwalay na administratibong ahensya na may magkakaibang mga tungkulin hinggil sa pagpapatupad ng Batas: ang Departamento ng Karapatang Pantao ng Illinois [*Illinois Department of Human Rights*] ("Departamento") na nag-iimbestiga sa mga paratang ng diskriminasyon, at ang Komisyon sa Karapatang Pantao ng Illinois [*Illinois Human Rights Commission*] ("Komisyon") na humahatol sa mga reklamo ng paglabag sa karapatang sibil sa mga sektor ng pabahay, pagpapatrabaho, pampublikong akomodasyon, edukasyon, at pag-access sa pinansiyal na kredito.

Ang Komisyon ay nakatuon sa pagtataguyod ng kalayaan mula sa labag sa batas na diskriminasyon gaya ng tinukoy ng Batas. Ipinagbabawal ng Batas ang diskriminasyon batay sa: Edad (40+); Pinagmulang Angkan; Rekord ng Pagka-aresto (na may kaugnayan sa pagtatrabaho); Katayuan ng Citizenship (na may kaugnayan sa pagtatrabaho); Kulay; Rekord ng Pagka-convict (na may kaugnayan sa pagtatrabaho); Kapansanan (pisikal at mental); Katayuan ng Pamilya (may kinalaman sa mga transaksyon sa real estate); Pagkakakilanlang Pangkasarian; Katayuang Marital; Katayuan sa Militar; Bansang Pinagmulan; Katayuan sa Orders of Protection; Pagbubuntis; Lahi; Relihiyon; Kasarian; Sekswal na Oryentasyon; Di-Kaayaayang Pag-alis sa Militar; o Katayuan sa Work Authorization (na may kaugnayan sa pagtatrabaho). Pinoprotektahan din ng Batas ang mga indibidwal mula sa panghaharass, sekswal na panghaharass, at paghihiganti.

Ang aming pangunahing responsibilidad ay gumawa ng walang kinikilingan na pagpapasya kung nagkaroon ng labag sa batas na diskriminasyon gaya ng tinukoy ng Batas.

Pamamahala – Mga Komisyoner

Alinsunod sa Artikulo 8 ng Batas, ang Komisyon ay binubuo ng pitong miyembro – isang Tagapangulo [*Chair*] at anim na Komisyoner – na pawang hinirang ng Gobernador. Hindi hihigit sa apat na miyembro mula sa parehong partidong pampolitika ang maaaring umupo sa Komisyon. Sa mga panel na may tatlong miyembro, sinisiyasat ng mga Komisyoner ang pagbabasura [*dismissal*] ng Departamento sa mga paratang ng diskriminasyon at mga paghahamon sa Recommended Orders and Decisions ("ROD") na inihain ng mga Hukom ng Batas Administratibo [*Administrative Law Judge*] ("ALJ") ng Komisyon.

Ang mga Komisyoner ay kumakatawan sa pagkakaiba-iba ng Estado ng Illinois sa lahat ng aspeto nito at dapat matugunan ang isa sa mga sumusunod na kwalipikasyon: (1) lisensyadong mag-abogado sa Estado ng Illinois; (2) may hindi bababa sa tatlong taon na karanasan bilang opisyal ng pagdinig sa Komisyon; o (3) may hindi bababa sa apat na taon na propesyonal na karanasan sa pagtatrabaho para sa o pakikitungo sa mga indibidwal o korporasyon na apektado ng Batas o mga katulad na batas sa ibang mga hurisdiksyon.

Pagpapalakad – Mga Kawani at Istruktura ng Ahensya

Kabilang sa mga kawani ng Komisyon ang isang Executive Director, na hinirang ng Gobernador. Ang Executive Director ay nangangasiwa sa isang maliit na kawani na may tungkuling suportahan ang gawain ng mga Komisyoner.

pagpapatuloy ng tungkol sa komisyon

Sa ilalim ng pamumuno ng Punong Hukom ng Batas Administratibo [*Chief Administrative Law Judge*], ang Seksyon ng Batas Administratibo [*Administrative Law Section*] ("ALS") ay humahatol sa mga reklamo ng diskriminasyon. Sa mga bagay na ito, ang isang ALJ ay itinalaga para mamahala sa lahat ng aspeto ng isang kaso, mula sa paunang pagdinig at pagtuklas sa pamamagitan ng summary decision o paglilitis. Ang alinmang panghuling kaganapan ay magreresulta sa paglikha ng isang ROD, na maaaring magsama ng pagtukoy ng mga pinsala kapag ang nagrereklamo [*complainant*] ay nanaig. Ang mga partido ay maaari ring sumali sa mga talakayan sa pag-areglo [*settlement*] sa anumang punto bago o pagkatapos ng pagpapalabas ng isang ROD, kung saan ang mga ALJ ay maaaring lumahok sa pamamagitan ng magkasamang kahilingan ng mga partido.

Sa ilalim ng pamumuno ng General Counsel, ang Office of the General Counsel ("OGC") ay responsable sa pagbibigay ng ekspertong legal na payo at mga rekomendasyon sa ating mga itinalagang Komisyoner tungkol sa pagiging angkop ng Batas sa mga partikular na kaso, gayundin ang pangangasiwa sa isang mahigpit na sinusubaybayan at maayos na kinokontrol na workflow para sa mga kahilingan para sa pagrerepaso ng mga pagpapawalang-saysay ng Departamento at iba pang mga bagay na nangangailangan ng pagkilos ng mga panel ng Komisyon. Bukod pa rito, ang OGC ay nagbibigay ng patnubay sa Executive Director sa mga katanungan sa polisiya, mga isyu sa etika, mga usapin sa tauhan, mga kahilingan sa pampublikong rekord, at iminungkahing batas sa ahensya. Sinusuportahan ng mga Assistant General Counsel ang mga ito at iba pang mga tungkulin ng OGC.

Sa buong Komisyon, epektibong sinusuportahan ng isang masigasig na kawani sa pagpapalakad ang ating mga Komisyoner, mga ALJ, at mga abogado naglilingkod sa OGC. Ang Fiscal Officer/Personnel Office ng Komisyon ay nagbibigay din ng administratibong suporta sa Torture Inquiry and Relief Commission ("TIRC") na may sariling Executive Director, staff at boluntaryo, hinirang na Lupon. Ang higit pang impormasyon tungkol sa TIRC ay matatagpuan simula sa pahina 21 ng ulat na ito o sa kanilang website sa: <https://tirc.illinois.gov/>

Iham mula sa Tagapangulo [Chair]

Disyembre 6, 2022

Kagalang-galang na JB Pritzker, Gobernador
Mga miyembro ng Illinois General Assembly
Mga mamamayan ng Illinois

Isang karangalan na ibigay ang Taunang Ulat na ito para sa Piskal na Taon 2022 at subukang maipakita ang kagila-gilalas na gawaing nakamit sa pagtataguyod at pagpoprotekta sa mga karapatang sibil gaya ng tinukoy ng Batas sa Karapatang Pantao ng Illinois.

Ang pangako nina Gobernador Pritzker at Tenyente Gobernador Stratton sa pangangalaga ng ating mga karapatang sibil ay pinatutunayan ng paglikha ng Office of Equity at ng kanilang suporta sa Komisyon at sa ating kapatid na ahensya, ang Departamento ng Karapatang Pantao ng Illinois. Kami ay higit na nagpapasalamat sa gawain ng Illinois General Assembly na palawakin ang mga proteksiyong ibinigay sa ilalim ng Batas sa panahon ng piskal na taon, na iyong mababasa pa sa ulat na ito.


Kami ay nasasabik sa kamakailang pagtatalaga ni Gobernador Pritzker kay Commissioner Gordon, na nagtatrabaho kasama ni Commissioner Kouri mula sa tanggapan ng Komisyon sa Springfield. Isang malungkot na paalam at salamat kay Commissioner Turner para sa kanyang serbisyo, at binabati namin si Commissioner Barreno-Paschall sa kanyang karagdagang tungkulin bilang Ikalawang Tagapangulo [*Vice Chair*]. Ang karagdagang impormasyon sa mga pagbabago sa staffing ay kabilang dito.

Sa mga sumusunod na pahina, makikita ninyo ang higit pa tungkol sa kung paano umangkop ang Komisyon sa pandemya at sumalig sa mga aralin nito upang mapabuti ang pagpapalakad at makahanap ng mga bagong paraan upang maisakatuparan ang ating mga obligasyon sa publiko. Dito sa Komisyon, nangangahulugan iyon ng pagpapatibay ng mga permanenteng tuntunin sa e-filing at higit na paggamit ng pamamagitanan [*mediation*], bilang dalawang mahalagang halimbawa.

Pinilit din tayo ng pandemya na mas mahusay na gumamit ng teknolohiya tungkol sa ating mga pagsisikap sa pag-outreach. Sa kasagsagan ng pandemya ng COVID-19, ang outreach ay limitado sa mga on-line na presentasyon. Sa pagiging bihasa sa teknolohiya, ngayon ay nag-aalok kami ng mga presentasyon sa on-line at, habang ang publiko ay nagiging mas komportable, sa personal. Ang mga presentasyon ay naihatid sa buong estado sa mga undergraduate, mga mag-aaral ng pre-law at law, sa community fairs, at sa mga bagong dating na imigrante sa kanilang katutubong wikang Espanyol. Malaki ang itinaas ng bilang ng mga presentasyon sa panahon ng pag-uulat at dapat nating pasalamatan si Ikalawang Tagapangulo Barreno-Paschall.

Ako ay nagpapasalamat na nakapaglilingkod ako bilang Tagapangulo ng Komisyon sa Karapatang Pantao ng Illinois at ikinarangal kong makatrabaho ang aking mga kasamahan na nagsisilbing mga Komisyoner. Labis akong nagpapasalamat sa pagkakataong makatrabaho si Executive Director Fleming, na tuwirang responsable para sa maraming pagpapabuti dito sa Komisyon na susunod mong mababasa. Pinakahuli, ako ay nagpapasalamat sa mga kawani ng Komisyon, na nagtatrabaho nang husto at nakatuon sa pagpapatupad ng Batas sa Karapatang Pantao ng Illinois. Marami pa tayong gagawin sa hinaharap, ngunit ako ay pinasigla ng lahat ng pagbabago at pagpapabuti na ginawa noong 2022 na mababasa ninyo sa ulat na ito.

Taos-puso,



Mona Noriega
Tagapangulo

ang taon na sinusuri

Sa nakalipas na taon at sa matinding intensyon, ang Komisyon ay nagtrabaho upang maging isang mahusay na tagapangasiwa ng Batas, at, sa pakikipagtulungan sa aming mga kaagapay na ahensya sa buong pamahalaan ng Illinois, upang tugunan ang mga reklamang dumarating sa aming mga Komisyoner at ALJ sa tumpak at napapanahong paraan hangga't maaari. Bagaman ang mithiin ay ang pagiging perpekto sa lahat ng bagay, ang sukatan ay pag-unlad, at dito, mayroong sapat na ebidensya.

Ang Batas sa Karapatang Pantao ng Illinois: Pag-unlad kasama ng Illinois

Ang gawain ng Komisyon ay nagsisimula sa Batas mismo. Noong FY2022, pinagtibay ng Illinois General Assembly, at nilagdaan ng Gobernador bilang batas, ang ilang mga pagbabago sa Batas. Ang mga update na ito ay sumasalamin sa patuloy na umuusbong na katangian ng Batas at nakakatulong na mapanatili ang kagalingan nito bilang proteksyon sa antas ng estado laban sa diskriminasyon.

Nilagdaan bilang batas ni Gobernador JB Pritzker ang Creating a Respectful and Open Workplace for Natural Hair ("CROWN") Act noong Hunyo 29, 2022. Inaamyendahan ng statute ang Batas sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kahulugan ng "lahi" upang isama ang "mga katangiang nauugnay sa lahi, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, texture ng buhok at mga istilo ng buhok na pamproteksyon gaya ng mga tirintas, locks, at twists" para sa mga layunin ng paglaban sa labag sa batas na diskriminasyon. Nalalapat ang binagong kahulugan sa lahat ng sektor na sakop ng Batas, kabilang ang pagpapatrabaho, pabahay, edukasyon, pag-access sa kredito, at pampublikong akomodasyon.

Noon, ang mga negatibong persepsyon sa mga istilo ng buhok gaya ng mga tirintas, dreadlocks, at twists na tradisyonal na isinusuot ng Black community ay nagreresulta sa hindi makatarungang diskriminasyon sa mga industriya. Ang mga istilo ng buhok na ito ay may mayamang makasaysayang kahalagahan sa Black community at kadalasang nagsisilbing paraan ng pagprotekta o kumportableng pagtali ng buhok. Kasama ng Illinois ang 18 iba pang estado sa pagpapatibay ng batas na nagbabawal sa diskriminasyon batay dito. Ang CROWN Act ay magsisimula sa pagpapatupad sa Enero 1, 2023.

Nilagdaan din bilang batas ni Gobernador Pritzker ang isang panukalang batas na nagdaragdag ng "pinagkakakitaan" [*source of income*] bilang isang protektadong klase sa mga transaksyon sa real estate, sa ilalim ng Artikulo 3 ng Batas. Tinutukoy ng pag-amyendang ito ang pinagkakakitaan bilang legal na paraan kung saan sinusupportahan ng isang indibidwal ang kanilang sarili at ang kanilang mga dependent at inuuri ito bilang paglabag sa mga karapatang sibil ang magdiskrimina sa pagpili ng tirahan batay sa kita na iyon. Ang mga taong may kapansanan, mga kwalipikado para sa housing voucher, at mga senior citizen na may kita sa pagreretiro ay nagbanggit lahat na ang kanilang pinagkakakitaan ay isang dahilan para sa pagkakait ng pabahay, at bilang resulta, marami sa mga bulnerableng populasyon na ito ay nahihirapang makahanap ng ligtas at abot-kayang pabahay. Ang batas ay magsisimula sa pagpapatupad sa Enero 1, 2023.

Bagong Pamumuno: Bagong Pokus

Noong FY2022, natukoy ang mga may karanasan at dedikadong bagong pinuno para sa ALS at OGC. Ang mga ito, kabilang ang mga pagbabago sa FY2021, ay sumasalamin sa isang ganap na bagong senior management team para sa Komisyon mula noong 2020.

pagpapatuloy ng ang taon na sinusuri

Sinuring mabuti ng bagong team na ito ang lahat ng aspeto ng mga operasyon ng ahensya. Kami ay nagdala ng mga bagong ideya, bagong teknolohiya at marahil ang pinakamahalaga, ang pagnanais na gawin ang mga bagay sa ibang paraan (kung kinakailangan) na may layuning magbigay ng higit pang access at ginhawa sa mga dumudulog sa Komisyon.

Seksyon ng Batas Administratibo

Sa panahon ng piskal na taon, maraming pagpapabuti ang ginawa ng ALS sa mga proseso ng trabaho nito. Sa ilang antas, ito ay isinagawa sa tulong ng aming mga kaagapay sa Office of Operational Excellence, na bahagi ng Department of Central Management Services, at pinadali ng paghahanda ng "Current State Value Stream Map" ng ALS. Sa loob ng ilang linggo, sinuri namin ang bawat bahagi ng paraan ng pagkilos ng ALS upang maunawaan at maimapa ang bawat hakbang na ginagawa mula nang maisampa ang reklamo hanggang sa matapos ang usapin. Pagkatapos ay tinanong namin ang aming sarili ng isang pangunahing tanong: Ang ginagawa ba natin ay kinakailangan at may dagdag na halaga sa mga kawani o sa mga litigante sa ALS?

Kabilang sa mga halimbawa ng ilang mga pagpapabuti na ipinatupad sa panahong ito ng pag-uulat ang, ngunit hindi limitado sa:

- Paglalagay sa website ng Komisyon ng isang "Checklist for Judicial Settlement Conferences," na isang simpleng buod ng mga hakbang na kailangang gawin ng mga litigante para humiling at makilahok sa mga kumperensiya sa hudisyal na pag-areglo [*judicial settlement conference*].
- Pagbuo ng isang sertipiko ng paghahatid [*certificate of service*] kung saan ang mga kawani ng ALS ay naghahatid ng mga kopya ng ilang mga pagsusumamo [*pleading*] sa Departamento. Kabilang sa mga pagsusumamo na ito ang mga mosyon para ibasura, mosyon para sa summary decision, at mosyon para amyendahan, na lahat ng ito ay hinihiling ng mga tuntunin sa pamamaraan ng Komisyon na maihain sa Departamento. Kung nakalimutan o hindi sinasadyang mabigong maihatid ng isang litigante sa Departamento ang isang kopya ng isa o higit pa sa mga nabanggit na pagsusumamo, ginagamit ng ALS ang bagong sertipiko ng paghahatid upang matiyak na ang paghahatid sa Departamento ay nagawa nang tama, kung saan ang ating mga hukom ng batas administratibo [*administrative law judge*] ay maaaring kaagad na magdesisyon sa mga mosyon, sa halip na hilingin sa mga partido na muling ihatid ang mga naturang mosyon ilang buwan pagkatapos maihain ang mga ito kung ang naturang paghahatid ay hindi naganap sa oras ng paghahain.
- Pag-amyenda sa hinihiling na form nito ng "Abiso ng Pagdinig" [*Notice of Hearing*], na nagbibigay sa mga litigante ng impormasyon sa kanilang "mga paunang pagdinig" sa mga kaso ng Komisyon (naitalaga man sa Springfield o Chicago).
- Pag-aayos ng pamantayang template nito ng "Complainant of Civil Rights Violation(s)" para magamit ng mga litigante na nais maghain ng sarili nilang mga kaso sa ALS. Dati, ang aming karaniwang form ng reklamo ay humihiling sa mga litigante na i-notaryo ang kanilang mga paunang pagsusumamo (ibig sabihin, ang kanilang mga reklamo), na isang administratibong hadlang para sa mga pro se na partido na walang agarang access sa mga serbisyo ng notaryo (na hindi ibinibigay ng Komisyon). Ngayon, ang isang litigante na dumudulog sa Komisyon upang magsampa ng reklamo para sa kanyang sarili ay hindi na kailangang dalhin ang reklamong iyon sa isang notaryo publiko. Sa halip, maaaring patunayan ng nagrereklamo "sa ilalim ng kaparusahan ng panunumpa nang walang katotohanan" na ang mga bagay na nilalaman ng reklamo ay totoo (sa abot ng kaalaman, impormasyon, at paniniwala ng nagrereklamo).
- Pag-audit sa database ng mga pinal na desisyon na inilabas sa nakalipas na dalawang dekada upang matiyak na ang lahat ng mga kapasyahan ay makukuha ng mga litigante hindi lamang sa website ng Komisyon, kundi pati na rin sa LEXIS-NEXIS sa ilalim ng pamagat na "ILHUM" (o "Illinois Human Rights Commission"). Ngayon, ang parehong mga pro se na litigante at abogado ay may dalawang magagamit na sanggunian kung saan makakakuha ng mahahalagang precedent at iba pang awtoritatibong opinyon mula sa Komisyon habang sila ay nagsusulat ng mga pagsusumamo at gumagawa ng mga argumento sa harap ng ALS.

Sa simula ng pandemya, iniayon ng Komisyon ang mga proseso nito upang isama ang mga virtual na pagpupulong sa mga kakayahang nito. Ang kakayahang ilipat ang marami sa aming mga status hearing mula sa pagdaraos nito nang personal tungo sa pagsasagawa online ay napakahalaga para sa parehong mga litigante at sa aming mga ALJ. Ngayon, ang kakayahang ito ay naging permanenteng bahagi ng aming gawain at masigasig na tinanggap ng halos lahat ng partido.

pagpapatuloy ng ang taon na sinusuri

Sa panahon ng FY2022, sinimulan ng Komisyon na punan ang maraming bakanteng puwesto sa mga ranggo ng ALJ nito. Sa mas sapat na tauhan, bumalik kami sa mas regular na ritmo ng mga paglilitis. Sa katunayan, sa FY2022, nagsagawa kami ng 121% na mas maraming pampublikong pagdinig kumpara sa nakaraang taon.

Noong Abril 2022, ipinagpatuloy ng ALS ang dati nang natigil na kasanayan nito na mag-alok ng mga kumperensiya sa hudisyal na pag-areglo sa mga kasong nakabinbin sa ating mga hukom ng batas administratibo. Ang isang kumperensiya sa hudisyal na pag-areglo—na isang anyo ng paraan ng pamamagitan na sinusupportahan ng korte—ay nagbibigay-daan sa mga partido na humiling ng tulong mula sa Komisyon upang makipag-ayos at malutas ang kanilang pagtatalo nang hindi nangangailangan ng karagdagang paglilitis. Ang mga prosesong ito ay isinasagawa “off the record,” at pinapatnubayan ng isang bagong Standing Order for Judicial Settlement Conferences. Para basahin ang Standing Order for Judicial Settlement Conferences, mangyaring pumunta sa aming bagong website sa <https://hrc.illinois.gov>.

Sa ilalim ng Standing Order, ang mga partido sa anumang kaso ng Komisyon ay maaaring sama-samang humiling sa anumang oras ng kumperensiya sa hudisyal na pag-areglo. Sa sandaling matanggap ang isang kahilingan, ang Punong Hukom ng Batas Administratibo ay magtatalaga ng isang ALJ na kikilos bilang “Settling ALJ” (ibig sabihin, ang tagapamagitan [*mediator*]) upang makipagtulungan sa mga partido para malutas ang kanilang kaso.

Upang matiyak na ang mga bagay na iniharap sa isang kumperensiya sa hudisyal na pag-areglo ay hindi makakaapekto sa paglabas ng ebidensya o testimonya sa mga kaso na hindi naaayos, tinitiyak ng Standing Order na ang “Settling ALJ” ay ibang indibidwal sa ALJ na itinalaga upang dinggin ang kaso. Sa ganitong paraan, ang itinalagang ALJ ay hindi naiimpluwensyahan o naaapektuhan ng mga pagsisikap ng mga partido na magbigay ng tapat at masinsinang ebalwasyon sa mga kalakasan at kahinaan ng kanilang mga kaso.

Bukod pa rito, alinsunod sa Illinois Rules of Evidence, ang desisyon ng isang partido na mag-alok o posibleng tumanggap ng isang tiyak na halaga upang ayusin ang kaso sa isang kumperensiya sa hudisyal na pag-areglo ay hindi maaaring gamitin sa ibang pagkakataon bilang ebidensya sa paglilitis para patunayan ang pananagutan sa mga pinagtatalunang isyu. Sa kadahilanang ito, naniniwala ang ALS na ang pag-aalok ng opsyon ng kumperensiya sa hudisyal na pag-areglo ay isa sa mga pinakamahusay na paraan upang hikayatin ang isang produktibong diyalogo sa isang kaso, habang pinangangalagaan pa rin ang karapatan sa takdang proseso na tinatamasa ng lahat ng partido na dumudulog sa Komisyon.

Sa panahon ng pagsusulat nito, ang mga kumperensiya sa hudisyal na pag-areglo ay inilaan para sa mga litigante sa Komisyon sa loob ng halos anim na buwan. Sa panahong iyon, maraming kaso ang humiling at sumailalim sa mga kumperensiya sa hudisyal na pag-areglo, karamihan sa mga ito (halos 85%) ay humantong sa isang napagkasunduang resolusyon na katanggap-tanggap sa lahat ng partido. Ang mga pag-areglo na ito ay tumutulong sa mga partido na mapabilis ang paglutas ng kaso at maiwasan ang mga gastos ng isang pampublikong pagdinig.

Office of the General Counsel

Bukod sa pagbibigay ng mahusay na pinag-aralan at makatwirang legal na payo sa aming mga Komisyoner at sa senior management team, ang OGC ay may mahalagang tungkulin sa pamamahala ng kahilingan para sa review pipeline.

Ang pipeline na ito ay handa na para sa pagpapabuti noong 2018, nang matukoy ang isang backlog ng higit sa 2,500 kaso, kung saan ang ilan sa bilang na ito ay tumatagal nang higit sa 10 taon.

pagpapatuloy ng ang taon na sinusuri

Matagal nang naresolba ang backlog na iyon at ginagamit na ngayon ng OGC ang case management system nito upang i-monitor at subaybayan ang kahilingan para sa review docket, na nagreresulta na ang karamihan sa mga naturang kaso ay isinasaalang-alang ng isang panel ng Komisyon sa loob ng isang taon mula nang maihain. Ginagamit ng OGC ang parehong sistema para subaybayan ang docket nito ng mga hamon sa desisyon ng ALJ.

Sa taunang ulat noong nakaraang taon, binanggit namin ang pag-deploy ng unang pinahusay na case management system ng Komisyon sa loob ng mahigit 20 taon. Binanggit din namin ang aming hangarin na bumuo sa gawaing iyon sa pamamagitan ng pagpapatupad ng isang e-filing platform upang lumikha ng madaling online na paghahain para sa mga dokumento at pagsusumamo, bawasan ang pagpoproseso at pag-iimbak ng papel, bawasan ang mga gastos sa pagpapadala, at pagbutihin ang pag-aaral ng datos. Upang makamit ang pangakong ito, nakipag-ugnayan ang OGC sa Department of Innovation and Technology (“DoIT”) sa pagmamapa at pagdodokumento ng iba’t ibang tungkulin ng kalakaran ng Komisyon upang lumikha ng isang profile na magbibigay-alam at gagabay sa pagbuo ng e-filing system ng hinaharap. Susunod ay sisiyasatin ng Komisyon at ng DoIT ang mga potensyal na solusyon sa e-filing upang matukoy kung paano umaangkop ang mga ito sa mga pangangailangan ng Komisyon sa pagganap, teknikal, at pagpapatakbo.

Ang OGC ay gumanap din ng isang mahalagang tungkulin sa panahon ng pag-uulat sa pag-update ng mga administratibong tuntunin ng Komisyon upang i-code ang mga ginawang pagkilos sa kasagsagan ng pandemya at gawing pormal ang aming kakayahang tumanggap ng mga elektronikong paghahain. Ang bagong awtoridad na ito ay nagbibigay-daan sa publiko na ma-access ang Komisyon nang mas madali sa pamamagitan ng mobile device o computer, kabilang ang paghahain ng mga bagong kaso sa Komisyon. Ito rin ay nagdaragdag ng bilis at kahusayan kung saan ang mga kawani ng Komisyon ay maaaring magproseso ng mga kaso. Ang isa pang mahalagang tungkulin para sa pamahalaan ay ang mangasiwa nang etikal. Patuloy na pinamamahalaan ng OGC ang pagsunod namin sa lahat ng mga kahingian sa pag-uulat ng etika para sa aming mga regular na kawani at sa mga hinirang ng gobernador. Bukod dito, ang OGC ay kaagad na tumugon sa lahat ng kahilingan para sa impormasyon ng ahensya na ginawa sa ilalim ng Illinois Freedom of Information Act.

Sa buong Komisyon, sa pamumuno ng OGC, kami ay nakipagtulungan sa Tanggapan ng Gobernador upang ipamahagi ang impormasyon at suporta para sa mga may Limitadong Kahusayan sa Ingles [Limited English Proficiency] o iba pang mga pangangailangan sa language access. Bukod sa mga kasalukuyang salin sa Spanish, Polish, at Modified Chinese, sinimulan naming isalin ang mga pangunahing dokumento ng ahensya sa Hindi at Tagalog; na-update namin ang aming TTY/TDD na numero ng telepono at ipinakilala ang TTD chat capability para sa mga bingi at mahina ang pandinig; at naglaan kami ng mga naka-target na suporta sa wika para sa mga kalahok sa paglilitis dito sa Komisyon.

Sa buong ahensya, ito ay isang napakahalagang taon para sa Komisyon. Ipinatupad namin ang Diversity, Equity, Inclusion and Access (“DEIA”) na pagsasanay na kahingian para sa lahat ng mga kawani at natapos namin ang aming unang pag-uulat sa mga nagawa namin sa larangang ito hanggang sa ngayon.

Sinuportahan ng OGC ang mga inisyatiba ng outreach na pinangunahan ng ating mga Komisyoner. Sa panahon ng pag-uulat, ang Komisyon ay nakibahagi sa mahigit isang dosenang mga kaganapan sa outreach. Kasali sa iba’t ibang kaganapang ito ang mga elementarya, kolehiyo at unibersidad pati na rin ang mga non-profit na organisasyon sa buong estado at kasali rin ang mga Komisyoner at mga kawani ng ahensya na nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa Komisyon at sa Batas. Ang Komisyon ay nalugod na makatuwang ang ating mga kasamahan sa Departamento sa ilan sa mga aktibidad na ito. Ipinagpatuloy din namin ang pamamahagi ng aming Quarterly Newsletter at pagho-host ng aming “Lunch and Learn” na serye ng mga programa ng patuloy na edukasyon sa batas, na parehong nagbibigay ng tumpak at mahalagang impormasyon tungkol sa Batas at mga kaugnay na paksa ng karapatang sibil sa pangkalahatang publiko at sa mga nag-aabogado sa Illinois. Bilang bahagi ng aming Lunch and Learn na serye, tumatanggap din ang mga abogado sa Illinois ng libreng kredito sa patuloy na edukasyon sa batas upang sumunod sa kanilang mga mandato sa propesyonal na pag-unlad.

pagpapatuloy ng ang taon na sinusuri

Bukod pa rito, ang OGC ay patuloy na nagre-recruit at nangangasiwa sa mga law school interns sa pamamagitan ng aming Edward Coles Fellowship program, na nagpapatuloy sa pangako ng ahensya na turuan at suportahan ang susunod na henerasyon ng mga abogado. Noong tag-init ng 2022, ang OGC ay nag-host ng limang mag-aaral ng batas mula sa iba't ibang paaralan sa buong Midwest. Sa pagbibigay-pansin sa legal na pananaliksik at pagsusulat, ang aming mga intern ay nakibahagi sa mga pagpupulong ng panel ng Komisyon at pagsasanay ng mga kawani, at nagsumite ng materyal para sa aming quarterly newsletter.

Inilipat din namin ang aming opisina sa Chicago mula sa naging tahanan nito ng halos 40 taon, ang James R. Thompson Center. Ang Komisyon ay kasalukuyang nasa bagong ayos na mga opisina sa Michael A. Bilandic Building sa 160 North LaSalle Street at nananatili kaming lubusang naa-access ng publiko sa pamamagitan ng telepono, chat, e-mail, o nang personal.


pangkalahatang-ideya ng proseso

Mayroong dalawang pangunahing proseso sa Komisyon: ang proseso ng administratibong pagdinig at ang proseso ng kahilingan para sa pagsusuri. Ang graphic sa ibaba ay nagbibigay ng maikli, mataas na lebel na paglalarawan ng mga pangunahing hakbang sa parehong mga proseso. Ang aming website ay nagtatampok ng maraming karagdagang detalye, mga FAQ, at gabay sa maraming wika para sa mga interesadong mag-navigate sa proseso o matuto nang higit pa tungkol sa aming trabaho. Bagaman ang mga kawani ng Komisyon ay hindi makakapagbigay ng payong legal sa mga nagrereklamo o mga inirereklamo, sila ay handang magbigay ng pangkalahatang patnubay sa pamamagitan ng telepono, ng email, o nang personal.




Komisyon sa Karapatang Pantao

PROSESO NG ADMINISTRATIBONG PAGDINIG



PROSESO NG KAHILINGAN PARA SA PAGSUSURI



Proseso ng Administratibong Pagdinig (Seksyon ng Batas Administratibo)

- Ang reklamo ay isinampa ng Departamento o ng isang nagrereklamo sa Komisyon.
- Isang ALJ ang mamumuno sa pagdinig.
- Pagkatapos ng pagdinig at pagsusumite ng mga papeles, ang ALJ ay magbibigay ng nakasulat na desisyon. Ang mga partido sa isang kaso ay maaaring humiling ng isang kumperensiya sa hudisyal na pag-areglo anumang oras bago magpasok ang ALJ ng nakasulat na desisyon.
- Ang alinman sa mga partido ay maaaring maghain ng eksepsiyon sa desisyon ng ALJ para sa pagsusuri ng isang panel ng tatlong Komisyoner.
- Maaaring pagtibayin, bawiin, o baguhin ng panel ng mga Komisyoner ang desisyon ng ALJ.
- Maaaring iapela ng alinman sa mga partido ang desisyon ng Komisyon sa pamamagitan ng paghahain sa Illinois Appellate Court.

Proseso ng Kahilingan para sa Pagsusuri (Office of the General Counsel)

- Ibinasura ng Departamento ang paratang ng diskriminasyon.
- Ang nagrereklamo ay naghain ng kahilingan sa Komisyon para sa pagsusuri ng pagbabasura.
- Susuriin ng panel ng tatlong Komisyoner ang pagbabasura ng Departamento.
- Maaaring suportahan o baligtarin ng panel ng mga Komisyoner ang pagbabasura.
 - ❖ Kung susuportahan ng Komisyon ang pagbabasura, maaaring iapela ng nagrereklamo ang pagbabasura sa pamamagitan ng paghahain sa Illinois Appellate Court.
 - ❖ Kung babaguhin ng Komisyon ang pagbabasura, ang nagrereklamo ay maaaring magsampa ng reklamo sa Komisyon.

mga case studies

Bilang bahagi ng gawain ng Komisyon, ang mga desisyon na ginawa ng aming mga Komisyoner at ALJ ay inilalathala sa aming website para ma-access ng publiko, at sa mga platform ng pananaliksik sa batas tulad ng LEXIS-NEXIS.

Ang mga sumusunod na pahina ay nagtatampok ng isang maliit na seleksyon ng mga kaso at paksa na tinalakay kamakailan sa Komisyon.

Sa mga proseso sa batas administratibo, ang naagrabyadong partido ay tinutukoy bilang ang nagrereklamo, at sa mga bagay na may kinalaman sa kahilingan para sa pagsusuri, ang naagrabyadong partido ay tinutukoy bilang ang petitioner. Para sa mga depinisyon ng mga terminong karaniwang ginagamit sa mga proseso ng Komisyon at mga detalye sa alinman sa mga desisyon sa ibaba, mangyaring puntahan ang aming bagong website sa <https://hrc.illinois.gov>.

Case Study: Moutray laban sa White County Housing Authority

ALS No. 19-0020,

2021 ILHUM LEXIS 163 (Aug. 10, 2021)

Nakatuon ang kasong ito sa tanong kung ano ang dapat ipakita ng isang nagrereklamo upang mapatunayan na siya ay may kwalipikadong kapansanan sa ilalim ng Batas sa Karapatang Pantao ng Illinois [*Illinois Human Rights Act*].

Sa pagbibintang na ang Inirereklamo [*Respondent*] ay nagdiskrimina sa kanya batay sa isang kapansanan, iginiit ng Nagrereklamo [*Complainant*] na ang kanyang coronary artery disease ang dahilan ng kanyang pagkakatanggal. Bilang tugon sa paratang na ito, nangatwiran ang Inirereklamo na hindi kailanman binanggit ng Nagrereklamo ang kanyang coronary artery disease sa sinuman sa kanyang mga superbisor bago ang pagtatanggal, at kung sinabi niya man, ang kanyang coronary artery disease ay hindi isang kwalipikadong kondisyon na nasa antas ng kapansanan sa ilalim ng Batas sa Karapatang Pantao.

Sa panahon ng pampublikong pagdinig, hindi kailanman nagpatotoo ang Nagrereklamo (ni hindi siya tinanong) kung siya ay may coronary artery disease. Nabigo rin ang Nagrereklamo na magpakita ng anumang independiyenteng ebidensya upang patunayan ang pagkakaroon ng naturang sakit o ang katangian o lala ng kanyang kondisyon. Samakatuwid, inirekomenda ng ALJ na ibasura ang reklamo nang may pagtatangi batay, sa isang banda, sa kabiguan ng Nagrereklamo na mapatunayan ang isang kwalipikadong kondisyon sa ilalim ng Batas sa Karapatang Pantao.

Sa pagtanggì sa mga eksepsiyon ng Nagrereklamo at pagpapatibay sa hatol ng ALJ, napagpasyahan ng Komisyon na dahil ang coronary artery disease ay isang karamdaman na hindi hayagang halata—at dahil kinuwestiyon ng Inirereklamo ang isyu kung ang Nagrereklamo ay may kwalipikadong kapansanan sa ilalim ng Batas sa Karapatang Pantao—kailangan ng Nagrereklamo na magpakita ng patotoo ng medikal na eksperto sa pampublikong pagdinig upang mapatunayan hindi lamang ang pagkakaroon ng medikal na diagnosis ng coronary artery disease, kundi pati na rin ang sapat na margin ng katibayan na kinakailangan upang kumpirmahin na ang kanyang diagnosis ay kwalipikado bilang isang kapansanan sa ilalim ng Batas.

Dahil dito, ang walang katibayan na paninindigan ng Nagrereklamo na siya ay may kwalipikadong kapansanan ay hindi sapat, nang gayong lamang, para magtatag ng prima facie na kaso ng diskriminasyon sa kapansanan sa ilalim ng Batas sa Karapatang Pantao.

pagpapatuloy ng mga case study

Case Study: Cacho laban sa Cook County Health

ALS No. 19-0241(C)

2022 ILHUM LEXIS 175 (Apr. 5, 2022)

Isinasaalang-alang ng kasong ito ang tanong kung ang isang berbal o nakasulat na pagsaway [*reprimand*] na ibinigay sa isang empleyado mula sa isang superbisor ay sapat na upang matugunan ang ayon sa batas na kahulugan ng isang “masamang gawain” ng iligal na diskriminasyon sa ilalim ng Batas sa Karapatang Pantao ng Illinois.

Ipinaratang ng Nagrereklamo na siya ay sumailalim sa tatlong pagsaway sa trabaho dahil sa kanyang bansang pinagmulan. Nangatwiran ang Inirereklamo na ang naturang aksyon ay hindi maaaring maging isang uri ng diskriminasyon, yamang hindi maipakita ng Nagrereklamo na ang pagsaway (berbal o nakasulat) ay isang “masamang gawain sa trabaho.”

Matagal nang itinuturing ng Komisyon na ang mga “babala” sa trabaho, nang walang higit pa, ay hindi gaanong laganap o malubha upang maging “masama” na mga aksyon sa trabaho. Halimbawa, ang isang berbal na babala ay itinuturing na hindi sapat upang maging isang masamang aksyon. Kung hindi, ang isang employer ay haharap sa posibilidad na madala sa korte sa tuwing ang employer ay magmumungkahi ng mga paraan para mapabuti ng isang empleyado ang kanyang pagtatrabaho. Maaari rin itong malapat sa anumang pagsisikap na pangaralan ang masamang paggawi.

Sa kasong ito, ang Nagrereklamo ay hindi nawalan ng anumang sahod bilang resulta ng kanyang mga pagsaway, at hindi rin siya na-demote, na-reassign, o nasuspende dahil dito. Samakatuwid, nang walang mga makabuluhang masamang kahihinatnan, ang mga pagsaway na ibinigay sa Nagrereklamo ay hindi mga “masamang” aksyon, at hindi maaaring managot ang Inirereklamo para sa diskriminasyon batay dito. Para sa mga layunin ng Batas sa Karapatang Pantao, ang mga masamang aksyon sa trabaho ay kinabibilangan ng mga bagay tulad ng pagha-hire, pagtanggap sa mga promosyon, muling pagtatalaga sa isang posisyon na ibang-iba ang mga responsibilidad sa trabaho, o isang aksyon na nagdudulot ng malaking pagbabago sa mga benepisyos. Ang mga pagsaway (lamang) ay hindi sapat upang maging isang usapin sa batas.

Case Study: Wilk laban sa Vill. of Buffalo Grove

ALS No. 19-0358

2022 ILHUM LEXIS 78 (June 3, 2022)

Ang Nagrereklamo ay nagtrabaho ang para sa Inirereklamo (isang departamento ng municipal public works) nang mahigit 14 na taon. Ang Inirereklamo ay nagpapatrabaho ng iba’t ibang mga maintenance worker upang suportahan ang mga operasyon nito, na lahat ay kinakailangang magtrabaho ng overtime upang matiyak na ang mga emerhensiyang sitwasyon (tulad ng mga water main break at mga aksidente na may kaugnayan sa panahon) ay natutugunan nang mabilis at mahusay.

Matapos tanggapin ang bagong posisyon sa Inirereklamo bilang isang “Maintenance Worker II,” ipinaalam ng Nagrereklamo sa Inirereklamo na siya ay ginagamot para sa post-traumatic stress disorder, na nangangailangan sa kanya na kumuha ng parehong permissive leave of absence at karagdagang leave of absence sa ilalim ng Family Medical Leave Act (“FMLA”).

Nang malapit na ang expiration ng FMLA leave ng Nagrereklamo, nakipag-ugnayan sa kanya ang Inirereklamo para malaman kung kailan siya maaaring bumalik sa trabaho at kung mangangailangan siya ng anumang rasonableng akomodasyon upang maisagawa ang kanyang trabaho sa kanyang pagbabalik. Nabigo ang Nagrereklamo na bumalik sa trabaho sa kanyang inaasahang petsa ng pagbabalik at sa halip ay inihayag—na may dokumentasyon mula sa kanyang doktor—na ang kanyang permissive (ibig sabihin, hindi FMLA) leave ay kailangang ipagpatuloy at palawigin nang walang katiyakan. Ang Nagrereklamo ay hindi nagmungkahi ng anumang rasonableng akomodasyon na maaaring magbigay-daan sa kanya na gawin ang trabaho ng isang Maintenance Worker II.

pagpapatuloy ng mga case study

Pagkatapos ng ilang buwan ng pinahabang bakasyon na hindi FMLA, sinubukan ng Inirereklamo na makipagtalakayan sa Nagrereklamo tungkol sa kung paano siya makakabalik sa trabaho. Iminungkahi ng Nagrereklamo ang isang part-time at limitadong iskedyul na hindi nangangailangan sa kanya na magtrabaho ng overtime. Tinanggihan ng Inirereklamo ang mungkahing ito, at binanggit na ang overtime ay isang mahalagang tungkulin ng posisyon ng Maintenance Worker II. Pinayuhan pa ng Inirereklamo ang Nagrereklamo na hindi na nito maaaring iwang bakante ang kanyang posisyon dahil sa mga pangangailangan sa negosyo.

Matapos ipaalam ng Nagrereklamo sa Inirereklamo na siya ay hindi na makakatanggap ng anumang posisyon na nangangailangan sa kanya na magtrabaho ng mandatoryong overtime, winakasan ng Inirereklamo ang pagtatrabaho ng Nagrereklamo dahil sa kanyang kawalan ng kakayahan na gampanan ang isang mahalagang tungkulin ng kanyang trabaho. Pagkatapos ay nagsampa ng reklamo ang Nagrereklamo laban sa Inirereklamo, na sinasabing siya ay biktima ng diskriminasyon ng kapansanan sa ilalim ng Batas sa Karapatang Pantao ng Illinois dahil sa kabiguan ng Inirereklamo na bigyan siya ng rasonableng akomodasyon.

Ang itinalagang hukom ng batas administratibo ay nagbigay ng summary decision na pabor sa Inirereklamo, nang makitang hindi mapatunayan ng Nagrereklamo na siya ay “disabled” gaya ng kahulugan ng salitang iyon sa ilalim ng Batas sa Karapatang Pantao. Sa ilalim ng batas, ang terminong “disabled” ay tumutukoy sa isang kwalipikadong indibidwal na may kakayahang gampanan ang mga pangunahing tungkulin ng isang posisyon na mayroon man o walang rasonableng akomodasyon. Sa kasong ito, ang Nagrereklamo ay hindi humingi ng anumang rasonableng akomodasyon na magbibigay-daan sa kanya na magtrabaho ng mandatoryong overtime—na tinukoy ng Inirereklamo na isang mahalagang tungkulin ng posisyon ng Maintenance Worker II. Bilang gayon, dahil ang Batas sa Karapatang Pantao ay hindi nag-aatas sa isang employer na alisin ang mga mahalagang bahagi ng isang trabaho upang mabigyan ng pagkakataon ang isang empleyadong may kapansanan, ang Inirereklamo ay may karapatan na tanggalin sa trabaho ang Nagrereklamo dahil wala siyang kakayahan (mayroon man o walang rasonableng akomodasyon) na tuparin ang isang kinakailangang kwalipikasyon ng posisyon ng Maintenance Worker II (ibig sabihin, ang kakayahang magtrabaho ng mandatoryong overtime).

Ang kasong ito ay nagsisilbing isang mahusay na halimbawa ng kung ano ang kailangang ipakita ng isang empleyado upang patunayan na siya ay “disabled” gaya ng kahulugan ng salitang iyon sa ilalim ng Batas sa Karapatang Pantao. Inilalarawan din ng usaping ito ang pangunahing depensa na maaaring gamitin ng ilang employer upang bigyang-katwiran ang mga pagtatanggal sa trabaho sa mga kaso kung saan ang isang rasonableng akomodasyon ay hindi nagbibigay-daan sa isang empleyado na gampanan ang isang mahalagang bahagi ng kanyang trabaho.

Case Study: In re Kahilingan para sa Pagsusuri ni: Mark Sanders

ALS No. 22-2047

2022 ILHUM LEXIS 100 (July 26, 2022)

Ang Petitioner ay umupa ng isang apartment sa isang complex na malawak at may maraming gusali. Ang Petitioner ay nagsampa ng kaso ng diskriminasyon sa Departamento ng Karapatang Pantao ng Illinois, at iginigiit na sya ay ipinasailalim ng kanyang landlord sa hindi pantay na mga tuntunin at kundisyon na may kaugnayan sa real estate dahil sa kanyang lahi, Black. Ibinasura ng Departamento ang paratang dahil sa kakulangan ng matibay na ebidensya, at naghain ang Petitioner ng kahilingan para sa pagsusuri sa Komisyon.

Una ay ipinahayag ng Petitioner na siya ay ipinasailalim ng kanyang landlord sa hindi pantay na mga tuntunin at kundisyon noong ito ay naglagay ng mga komunal na ihawan [*barbeque grills*] para magamit ng mga nangungupahan, dahil ang mga ihawan ay malayo sa kanyang apartment, kaya hindi praktikal para sa kanya na gamitin, at mas malapit sa mga apartment ng mga non-Black na nangungupahan. Nakita ng Komisyon na ang Petitioner ay hindi nagtatag ng prima facie na kaso ng diskriminasyon dahil ang Petitioner ay hindi nagpakita ng ebidensya na ang orihinal na mga tuntunin at kundisyon sa pagupa ay nabago sa paglalagay ng mga ihawan. Bukod dito, ang Petitioner ay hindi nagpakita ng ebidensya na mas kanais-nais

pagpapatuloy ng mga case study

ang pakikitungo ng landlord sa mga nangungupahan na nasa parehong lokasyon na hindi kabilang sa protektadong klase ng Petitioner.

Ang Petitioner ay sumunod na nangatwiran na siya ay ipinasailalim ng kanyang landlord sa hindi pantay na mga tuntunin at kundisyon sa hindi nito pagtulong sa kanya na makakuha ng tulong sa pag-upa matapos siyang mawalan ng trabaho. Gayunpaman, ipinakita ng imbestigasyon ng Departamento na tumulong o sinikap na tumulong ng landlord sa mga aplikasyon ng Petitioner para sa tulong sa pag-upa; at ang Petitioner ay tumanggap ng tulong o tinanggihan dahil sa mga kadahilanang hindi kontrolado ng landlord. Bukod pa rito, ang Petitioner ay hindi nagpakita ng ebidensya na ang landlord ay nag-alok ng higit na tulong sa mga nangungupahan na nasa parehong lokasyon na hindi kabilang sa protektadong klase ng Petitioner.

Sinuportahan ng Komisyon ang pagbasura sa paratang ng Petitioner ng diskriminasyon.

Case Study: In re Kahilingan para sa Pagsusuri ni: Benjamin Park

ALS No. 22-0129

2022 ILHUM LEXIS 159 (October 11, 2022)

Ang Petitioner ay isang Special Agent para sa Illinois State Police sa unit ng Medicaid Fraud. Siya ay nagsampa ng kaso ng diskriminasyon sa Departamento ng Karapatang Pantao ng Illinois, at nangangatwiran na siya ay ipinasailalim ng Employer sa diskriminasyon dahil sa kapansanan. Ibinasura ng Departamento ang paratang dahil sa kakulangan ng matibay na ebidensya, at naghain ang Petitioner ng kahilingan para sa pagsusuri sa Komisyon.

Una ay ipinahayag ng Petitioner na siya ay hinarass ng Employer dahil sa kanyang kapansanan sa pag-iisip, dahil hiniling ng Employer na siya ay sumailalim sa isang medikal na pagsusuri. Pinatunayan ng Employer na ang Petitioner ay napansin na nawalan ng malay [*black out*] sa trabaho ng dalawang magkasunod na araw. Sinabi ng Petitioner na ang kanyang mga black out ay maaaring sanhi ng pagbabago sa kanyang mga reseta o mababang blood sugar. Nakita ng Komisyon na ang pag-utos ng isang medikal na pagsusuri ay hindi isang malubha o laganap na panghaharass na nagpabago sa mga tuntunin at kundisyon ng kanyang pagtatrabaho.

Sinabi rin ng Petitioner na siya ay pinagbawalan ng Employer na pumasok sa mga pasilidad nito, binawi ang kanyang Firearm Owner's Identification card, at inilagay siya sa administrative leave dahil sa kanyang kapansanan sa pag-iisip. Ang Komisyon ay nagpasya na, kahit na ang Petitioner ay nakapagpatunay ng isang prima facie na kaso, ang mga paghahabol [*claim*] ng Petitioner ay nabigo dahil ang Employer ay nagpahayag ng isang lehitimo at walang diskriminasyong dahilan para sa mga aksyon nito, na kung saan ay nakita ng doktor na sumuri sa Petitioner na siya ay hindi psychiatrically fit para sa aktibong tungkulin bilang isang armed state trooper. Ang Petitioner ay hindi nagbigay ng ebidensya na ang dahilan ng Employer ay dahilan para sa diskriminasyon sa kapansanan.

Sinuportahan ng Komisyon ang pagbasura sa paratang ng Petitioner ng diskriminasyon.

Case Study: In re Kahilingan para sa Pagsusuri ni: Piotr Chmiel

ALS No. 21-0220 (January 11, 2022)

Ang Petitioner ay isang truck driver para sa delivery trucking company ng Employer. Ang Petitioner ay nagsampa ng kaso ng diskriminasyon sa Departamento ng Karapatang Pantao ng Illinois, at iginigiit na siya ay sekswal na hinarass ng kanyang Employer, siya ay ipinasailalim sa hindi pantay na mga tuntunin at kundisyon ng pagtatrabaho batay sa kanyang bansang pinagmulan at bilang paghihiganti para sa pagsalungat niya sa labag sa batas na diskriminasyon, siya ay hinarass batay sa

pagpapatuloy ng mga case study

kanyang bansang pinagmulan at bilang paghihiganti, at siya ay tinanggal sa trabaho batay sa kanyang bansang pinagmulan at bilang paghihiganti. Ibinasura ng Departamento ang paratang dahil sa kakulangan ng matibay na ebidensya, at naghain ang Petitioner ng kahilingan para sa pagsusuri sa Komisyon.

Una ay ipinahayag ng Petitioner na siya ay sekswal na hinarass ng kanyang Employer. Siya ay nanindigan na may isa pang driver na nagpaparinig sa kanya ng mga masasagwang pananalita at hinahawakan ang kanyang likod, leeg, at puwit nang halos tatlong beses bawat linggo sa loob ng mahigit 10 buwan. Sinabi ng Petitioner na iniulat niya ang pag-uugali ng driver sa dispatcher, ngunit natawa lamang ang dispatcher. Natukoy ng Komisyon na sa ulat ng imbestigasyon ng Departamento ay hindi malinaw kung kailan nagreklamo ang Petitioner sa dispatcher o kung ang dispatcher ay isang tagapamahala [*manager*] o superbisor. Ang nasabing impormasyon ay may kaugnayan sa pagiging sapat ng paghahabol ng Petitioner, sapagkat ang Employer ay maaari lamang managot para sa sekswal na panghaharass ng driver kung nalaman ng isang superbisor ang pag-uugali at pagkatapos ay nabigo ang Employer na gumawa ng mga makatwirang hakbang sa pagwawasto. Sa gayon ay inalis ng Komisyon ang pagbasura sa paratang ng sekswal na panghaharass at ibinalik ang paratang sa Departamento para sa karagdagang imbestigasyon.

Tungkol sa mga paratang ng Petitioner ng diskriminasyon batay sa bansang pinagmulan, sinuportahan ng Komisyon ang pagbasura sa mga paratang dahil nabigo ang Petitioner na tukuyin ang empleyadong nasa katulad na posisyon na hindi kabilang sa kanyang protektadong klase na tinrato nang mas kanais-nais, na magtataguyod ng konklusyon na ang pagtrato ng Employer sa Petitioner ay batay sa kanyang bansang pinagmulan, o nabigong patunayan na siya ay sumailalim sa isang masamang aksyon. Sinang-ayunan din ng Komisyon ang pagbasura sa mga paratang ng Petitioner ng paghihiganti dahil hindi siya sumailalim sa isang masamang aksyon o ang Employer ay nagpahayag ng isang lehitimo at walang paghihiganting dahilan para sa mga aksyon nito.

Inalis ng Komisyon ang pagbasura sa paratang ng Petitioner sa isang banda at sinuportahan ang pagbasura sa isang banda.

ano ang susunod? isang tanaw sa hinaharap

Ang pagsuporta sa gawain ng ating mga Komisyoner sa pamamagitan ng pagbibigay ng mahusay na mga serbisyong legal at pagpapanatili ng isang mahigpit na timetable para sa pagkilos sa mga kahilingan para sa pagsusuri at iba pang mga bagay para sa pagsusuri ay nananatiling prayoridad para sa OGC.

Ang OGC ay magpapatuloy sa pamumuno sa pag-deploy ng aming nakaplanong e-filing system na may suporta mula sa DoIT.

Inaasahan namin ang mas maraming pagkakataon para sa pakikipag-ugnayan sa publiko sa pangkalahatan at sa legal community lalo na sa pamamagitan ng aming mga pagsisikap sa outreach, kabilang ang pagsuporta sa mga Komisyoner sa kanilang pakikipag-ugnayan sa mga kolehiyo at unibersidad pati na rin ang aming serye ng Lunch and Learn.

Dahil ang ALS ay may sapat nang tauhan ngayon kaysa sa nakalipas na mga taon, inaasahan namin ang patuloy na pag-unlad at mas mabilis na pagtugon sa mga usaping idinudulog sa ALS. Inaasahan namin ang mga karagdagang pagpapabuti sa aming proseso upang samantalahin ang bagong teknolohiya at inaasahan namin ang pagiging agresibo sa pagtukoy ng mga pagkakataon upang suportahan ang mga litigante na dumudulog sa aming mga ALJ.

Bagaman natugunan ng lahat ng aming mga kawani sa legal – mga ALJ at kawani ng OGC – ang kanilang minimum na kahingian para sa patuloy na edukasyon sa batas, nais naming dagdagan ang pagsasanay na iyon sa antas ng ahensya upang higit silang suportahan habang lalo nilang pinalalago ang kanilang nauugnay na kaalaman at kadalubhasaan sa Batas at sa sektor ng batas na nauugnay sa trabaho. Ito ay naaayon sa aming layunin na gawing pangunahing lugar ang Komisyon para sa paghahatol ng mga paratang ng diskriminasyon sa ilalim ng Batas.

Patuloy na sinusuri ng Estado ng Illinois ang portfolio nito sa real estate. Ang prosesong ito ay humantong sa paglipat ng aming tanggapan sa Chicago noong Mayo 2022, at ang aming tanggapan sa Springfield noong Nobyembre 2022. Sa dalawang relokasyong ito, inaasahan naming maging mas may kakayahan, mula sa pananaw ng mga pasilidad, na maglingkod sa mga residente ng Illinois.

Bilang bahagi ng aming bagong DEIA plan, na binuo sa tulong ng Office of Equity na nasa Office of the Governor, kami ay nasasabik sa susunod na piskal na taon na natukoy ng Komisyon ang mga layunin na nakasentro sa pagbuo sa pagkakaiba-iba sa loob ng Komisyon; pagpapahayag ng mga pagkakataon sa iba't ibang mga grupo; karagdagang paglalaan ng pag-aaral sa mga paksa ng DEIA sa aming mga kawani ng Komisyon; pagpapalawak ng mga rekurso sa mga may pangangailangan sa akomodasyon (pisikal at/o wika); at pagpapataas ng katayuan ng Komisyon bilang isang sanggunian ng mga paksa ng DEIA para sa legal community.

ayon sa mga numero

Ang mga numero sa ibaba ay nagbibigay ng ilang balangkas para sa trabaho ng Komisyon sa FY 2022. Hindi nila nilalahad ang buong kwento ng trabaho ng mga Komisyoner o kawani.

Deskripsiyon	FY 2022
Mga reklamong inihain sa Departamento ng Karapatang Pantao ng Illinois	73
Mga reklamong inihain ng mga Nagrereklamo	30
Kabuuang mga Kaso na natanggap (kabilang ang (1) kahilingan para sa pagsusuri; (2) default na direkta mula sa DHR; at (3) mga pag-areglo na direkta mula sa DHR)	383
Kabuuang mga Kaso na isinara/dininig	506
Mga personal na pagbisita sa opisina*	205
Mga pagtatanong gamit ang telepono	1,902
"Lunch and Learn" Continuing Legal Education (CLE) na mga oportunidad	8
Mga kalahok ng Lunch and Learn	554
Mga Pagpupulong na En Banc at ng Panel	35
Mga desisyon ng Appellate Court na nagpapatibay sa mga aksyon ng Komisyon**	25 of 27

PAALALA


*Ang pagbisita sa opisina ay tumutukoy sa mga pagkakataon kung saan ang mga indibidwal ay dumulog sa mga opisina ng Komisyon sa Chicago o Springfield hinggil sa alalahaning nauugnay sa isang partikular na usapin na nakabinbin o posibleng maihain sa Komisyon. Ang maraming pagbisita ay maaaring iugnay sa iisang bagay na idinulog sa Komisyon.

**Mayroong dalawang pagbaligtad ng Appellate Courts sa mga desisyon ng Komisyon sa panahon ng piskal na taon. Isa sa mga kasong ito ay ibinalik sa Komisyon para sa karagdagang pag-uusig

Komisyon sa Karapatang Pantao Piskal na Taon 2022 Taunang Ulat


Ang impormasyon sa pananalapi na nasa mga pahina 18-19 ng ulat na ito ay para lamang sa Komisyon sa Karapatang Pantao. Bagaman kami ay nagbibigay ng suporta sa pananalapi at administratibo sa Torture Inquiry and Relief Commission, ang kanilang mga paglalaan at gastos ay hindi makikita sa mga tsart na ito.

MGA PAGLALAN AYON SA PISKAL NA TAON



Komisyon sa Karapatang Pantao Piskal na Taon 2022 Taunang Ulat

MGA GASTOS AYON SA PISKAL NA TAON



FY22 MGA GASTOS AYON SA URI



mga komisyoner at kawani*

Upang basahin ang impormasyon sa biograpiya tungkol sa aming mga Komisyoner at Senior Staff, mangyaring pumunta sa bagong website ng HRC sa <https://hrc.illinois.gov>

Lupon ng mga Komisyoner

Hon. Mona Noriega, Tagapangulo at Komisyoner*
Hon. Barbara R. Barreno-Paschall, Ikalawang Tagapangulo at Komisyoner
Hon. Robert A. Cantone, Komisyoner
Hon. Elizabeth A. Coulson, Komisyoner
Hon. Janice M. Glenn, Komisyoner
Hon. Demoya R. Gordon, Komisyoner*
Hon. Stephen A. Kouri II, Komisyoner

**Nakabinbin ang Kumpirmasyon ng Senado*

Mga Kawani ng Komisyon

Tracey B. Fleming, Executive Director
David R. Larson, General Counsel
Claudia P. Ortega, Chief Financial and Human Resources Officer
The Hon. Brian Weinthal, Chief Administrative Law Judge
The Hon. Azeema Akram, Administrative Law Judge
Shantelle Baker, Administrative Assistant I
The Hon. William Borah, Administrative Law Judge
LaNade Bridges, Private Secretary
Graciela Delgado, Administrative Assistant I
Jose Galvez, Office Administrator III
Bricia Herrera, Administrative Assistant I
Denise Hutton, Executive Assistant III
Samantha Judd, Administrative Assistant II
Bonnie Kim, Assistant General Counsel
The Hon. Kathleen McGee, Administrative Law Judge
Evelio Mora, Assistant General Counsel
Jennifer Nolen, Assistant General Counsel
Taylor P. Pierson, Office Specialist II
The Hon. Michael Robinson, Administrative Law Judge
Erica Seyburn, Assistant General Counsel and Ethics Officer
Jessica Torres, Office Associate
Christine Welninski, Administrative Assistant I

Mga dating Komisyoner at Kawani

LeDeidre S. Turner, Vice Chair and Commissioner
Kelley M. Chube, General Counsel and Ethics Officer

*mula noong Disyembre 6, 2022

Illinois Torture Inquiry and Relief Commission

555 W. Monroe St., Ste. 600-S

Chicago, IL 60661

(312) 814-1094 telepono

<https://tirc.illinois.gov>

2022 Taunang Ulat

Alternate/Acting Chair Kathleen Pantle

Executive Director Robert Olmstead

STATE OF ILLINOIS TORTURE INQUIRY AND RELIEF COMMISSION

KASAYSAYAN

Ang Illinois Torture Inquiry and Relief Commission ("TIRC") ay nilikha sa pamamagitan ng batas noong 2009 upang matugunan ang problema ng sapolitang pagpapa-amin ng Chicago Police Department na nauugnay sa dating Chicago Police Commander na si Jon Burge. Ang General Assembly ay tumugon sa katotohanan na ang ilang mga tao na nahatulan sa panahong iyon ay kalaunang pinawalang-sala, at ang ilang mga pag-aakusa ng torture na binalewala noong panahong iyon ay napatunayang totoo.

Sinisiyasat ng mga kawani ng Torture Commission ang mga pag-aakusa ng torture at gumagawa ng rekomendasyon sa walong miyembro, walang bayad na boluntaryo sa Komisyon. Ang Torture Commission, na hindi nalilimitahan ng rekomendasyon ng mga kawani, ay nagpapasya kung may sapat na ebidensya ng torture upang magkaroon ng hudisyal na pagsusuri ng isang paghatol, o kung ang pag-aakusa ay dapat tanggihan. Hindi bababa sa limang mga boto sa pagsang-ayon ang kinakailangan upang isangguni ang isang pag-aakusa sa korte para sa karagdagang hudisyal na pagsusuri; hindi bababa sa apat na mga boto sa hindi pagsang-ayon ang kinakailangan upang tanggihan ito.

Kung napag-alaman ng Torture Commission na ang isang pag-aakusa ay sapat na kapani-paniwala upang magkaroon ng hudisyal na pagsusuri, ang pag-aakusa ay isasangguni sa Circuit Court ng Cook County kung saan ang isang hukom ay itinalaga na magsagawa ng pagdinig sa isyu kung ang pag-amin ng taong nahatulan ay pinilit. Ito ay nagbibigay-daan sa mga taong nahatulan na makakuha ng angkop na tulong kung sila ay nahatulan dahil sa isang pag-amin na nakuha sa pamamagitan ng torture – kahit na ang kanilang mga pag-apela at regular na post-conviction proceeding ay nagamit na.

Kung ang isang hukom ay nagpasya na ang isang pag-amin ay pinilit, ang hukom ay maaaring mag-utos ng isang bagong paglilitis, kung saan dapat patunayan ng tagausig ang pagkakasala ng nasasakdal nang hindi ginagamit ang pinilit na pag-amin.

Unang hinirang ang mga komisioner noong huling bahagi ng 2010. Ang mga aktibidad ng Torture Commission ay bahagyang naantala ng mga isyu sa organisasyon at pagpopondo. Noong 2012 at 2013, ang Torture Commission ay hindi na pinondohan at natengga sa loob ng halos 9 na buwan. Gayunpaman, ang Torture Commission ay nagpatibay ng mga inisyal na tuntunin, kumuha ng mga tauhan, nakakuha ng tulong ng pro bono na abogado, at nagsimulang kumuha ng mga dokumento at suriin ang mga pag-aakusa. Noong huling bahagi ng 2013, kumuha ang Torture Commission ng bagong Executive Director at Staff Attorney, na nagsimulang magtrabaho noong Enero, 2014. Nagbitiw si Executive Director Barry Miller sa katapusan ng Hulyo, 2015, at si Staff Attorney Rob Olmstead ay gumanap bilang pansamantalang executive director hanggang sa siya ay pormal na kinuha bilang Executive Director noong Enero 20, 2016.

Noong 2016, ipinasa ng lehislatura at ng gobernador ang Public Act 99-688, na nagpapalawak sa hurisdiksyon ng Torture Commission at nagpapalawig sa panahon ng paghahabol hanggang Agosto 10, 2019. Inalis ng Batas ang kahingian na ang mga pag-aakusa ng torture ay dapat na may kaugnayan kay Burge, at pinahintulutan ang sinumang nasasakdal na nahatulan sa Cook County na mag-apply.

Sa panahon ng pagpasa ng Batas noong 2016, ang Torture Commission ay may natitira pang humigit-kumulang 210 na mga paghahabol na hindi hinatulan. Gayunpaman, halos 80 lamang ang pinaniniwalaang nasa ilalim ng hurisdiksyon ng orihinal na Batas. Karamihan sa mga paghahabol (humigit-kumulang 130) ay mga non-Burge na paghahabol na itinigil muna habang kinukumpirma ng mga kaso sa korte ang nasasakupan ng Torture Commission. Inaasahan ng Torture Commission na ang mga paghahabol na iyon ay sasailalim sa summary dismissal sa ilalim ng mga panuntunan nito. Nang, gaya ng inaasahan, ang Illinois Appellate Court ay nagpasya na ang mga non-Burge na paghahabol na iyon ay lampas sa hurisdiksyon ng Torture Commission, ipinasa ng lehislatura at gobernador ang Public Act 99-688.

pagpapatuloy ng torture inquiry and relief commission

Ang agarang kinalabasan ng Public Act 99-688 ay dalhin ang 130 mga paghahabol na iyon sa loob ng saklaw ng Torture Commission. Binuksan din ng Batas ang panahon ng paghahabol, at hindi nagtagal ay nakatanggap ang Torture Commission ng mga bagong paghahabol. Ang panahong iyon ng paghahabol ay nagtapos noong Agosto 10, 2019. Noong Nobyembre 17, 2022, ang Torture Commission ay may kabuuang 448 nakabinbing mga paghahabol, isang bilang na inaasahang bababa sa 441 sa pagpupulong nito sa Disyembre (minadali ng press time ang paglalathala ng ulat na ito bago ang pagpupulong).


KAMAKAILANG MGA PANGYAYARI

Upang mapaunlakan ang pagdagsa ng mga paghahabol, humiling at tumanggap ang Torture Commission ng nadagdagang badyet na \$959,200 para sa FY 2021. Ang bagong pondo ay inilaan upang kumuha ng 5 mga pansamantalang kontratang abogado noong Disyembre 2020 at Enero 2021 na nagsimulang magtrabaho nang eksklusibo sa pagsisiyasat ng mga paghahabol; isa pang abogado na mag-iimbestiga sa mga paghahabol, at magbigay ng suporta sa mga pro bono partner ng Torture Commission (na humawak sa pagsisiyasat ng humigit-kumulang 80 paghahabol) at magtalaga ng mga abogado para kumatawan sa mga naghahabol [claimant]; at isang karagdagang abogado upang siyasin ang mga paghahabol at upang mangasiwa sa mga kinontratang abogado.

Karamihan sa unang bahagi ng taong 2021 ay ginugol sa pagsasanay ng mga bagong kawani sa mga pamantayang gabay at template sa pagsisiyasat at pagdaragdag sa mga operasyon ng TIRC ng mga kahusayan sa IT. Sa pagdaragdag ng mga kawani

na nakatuon lamang sa mga pagsisiyasat at pagsusuri, nagsimulang tumaas ang bilang ng mga kaso. Gayunpaman, ang modelo ng pansamantalang kontratang abogado ay nagresulta sa mataas na turnover, at noong FY 2023, ang Torture Commission ay humingi at nakakuha ng bahagyang pagtaas ng badyet sa \$1,110,300 upang ang mga posisyon ng kontratang abogado ay gawing regular na posisyon ng empleyado ng kawani. Ito ay nagbigay ng higit na katatagan at pagpapanatili ng mga may karanasang kawani. Sa kabila ng mga paghihirap sa paghahire at sa pagkakaroon ng mas kaunting mga abogado sa kaso (3) sa taong 2022 kaysa sa 2021 (5 mga abogado sa kaso), tumaas nang husto ang paglilitis ng kaso. Ang ikaapat na abogado ay inaasahang sasali sa mga kawani sa katapusan ng taong 2022, at ang ikalimang naka-budget na abogado sa kaso ay dapat kunin bago matapos ang FY 2023.

Ang mga TIRC na abogado sa kaso na nakatapos ng ikalawang taon sa ahensya ay mas mahusay sa pagsisiyasat ng mga kaso at nalutas halos ang 133% na mas maraming kaso sa kanilang ikalawang taon. Ang pagkumpleto ng dalawang taon ng pagkakaroon ng mga kawani na nakatuon lamang sa mga pagsisiyasat ng kaso ay nagbigay din ng higit na kalinawan sa karaniwang mga oras ng pagkumpleto ng kaso. Sa karaniwan, nakumpleto ng mga kawaning abogado ang mga kaso sa loob ng 9.5 buwan mula sa pagtatalaga habang inabot ng 23 buwan ang mga pro bono na abogado upang makumpleto ang mga kaso. Sa kabila ng mas mahabang panahon ng pagkumpleto, ang mga pro bono partner ay nanatiling mahalagang asset para sa Torture Commission, na nag-uugnay sa 43% ng mga paglilitis ng kaso sa taong 2021 at humigit-kumulang 50% ng mga paglilitis sa taong 2022.



*Mga inaasahang kaso sa 2022 na nalutas. Noong 11/11/2022, 40 kaso ang nalutas.

Noong 2022, ang Torture Commission ay:

- Patuloy na sumulong mula noong Nobyembre 17, 2022, upang malutas ang 47 mga paghahabol sa pagtatapos ng taon – na may 52% na pagtaas kumpara sa taong 2021, at 176% na higit pa kaysa sa taong 2020. Ang inaasahang bilang na 47 mga kaso na nalutas ay kulang ng lima sa layunin ng TIRC noong 2022 na 52 kaso. Ang layunin ng TIRC para sa taong 2023 ay 60 na nalutas na mga kaso. Kung matugunan ng Torture Commission ang inaasahang rate ng paglilitis ng kaso (na nagpapahiwatig ng mas mataas na kahusayan at mababang turnover ng mga kawani), ang lahat ng mga paghahabol ay maaaring malutas sa Abril 2029.
- Nagpatuloy sa pagsubaybay sa mga rate ng kaso ng Covid-19 upang magdaos ng personal na pagpupulong ng Torture Commission kapag naaangkop, at mga virtual na pagpupulong kapag hindi.
- Nakipagtulungan sa Public Defender's Office, sa Cook County State's Attorney's Office, sa Presiding Cook County Criminal Court Judge at mga boluntaryo upang matiyak na ang mga naghahabol na isinangguni sa korte ng TIRC ay kinakatawan ng maabilidad na abogado. Napasali ang TIRC matapos malaman na natukoy ng Public Defender's Office na ang mandato nito ay hindi nagpapahintulot na kumatawan ito sa mga naghahabol na isinangguni sa TIRC sa mga post-conviction proceeding.
- Pinagtibay ng Illinois Court of Appeals ang interpretasyon nito sa TIRC Act sa kaso ng *People v. Jerome Johnson*, 2022 IL App (1st) 201371. Pinagtibay ng Korte na ang Torture Commission ay may hurisdiksyon sa mga kaso kung saan ang mga naghahabol ay nagpahayag ng pagkakasala nang walang paglilitis dahil sa isang pag-amin na diumano ay nakuha sa pamamagitan ng torture. Kinumpirma rin ng Korte ang interpretasyon ng Torture Commission sa TIRC Act na ang paggamit ng isang di-umano'y pag-amin sa pamamagitan ng torture na pumipigil sa isang nasasakdal na manindigan sa sarili niyang depensa sa paglilitis ay nagbibigay din ng hurisdiksyon sa Torture Commission upang siyasatin ang isang paghahabol. Bukod sa pagsang-ayon sa mga interpretasyong iyon ng Torture Commission, ang hukuman ay nagpasya din na, maliban kung maipakita ng isang hukuman sa paglilitis na ang Torture Commission ay mali sa desisyon nito, dapat magsagawa ang hukuman ng pagdinig sa isyu ng torture sa sandaling isangguni ng Torture Commission ang paghahabol sa mga korte.
- Naghain, sa pamamagitan ng Illinois Attorney General's Office, ng isang friend-of-the-court brief sa isang apela ng dating naghahabol ng TIRC na si Abdul Muhammad. Ang Torture Commission ay hindi nangatwiran sa pagsuporta o pagsalungat sa naghahabol, ngunit sa halip ay nanindigan sa pagtatanggol sa interpretasyon nito sa TIRC Act na ito ay may hurisdiksyon sa mga kaso kung saan ang isang di-umanong pag-amin sa pamamagitan ng torture ay nagpapahamak sa isang nasasakdal sa anumang paraan, sa halip na ang interpretasyon ng hukuman ng paglilitis na ang pahayag ay dapat na partikular na tanggapin sa bawat elemento ng isang krimen. Ang *People v. Abdul Muhammad* ay nananatiling nakabinbin sa Illinois Appellate Court.
- Nakipagtulungan sa press time sa Illinois Attorney General's Office para maghain ng isang friend-of-the-Court brief sa isang kaso ng Korte Suprema ng Illinois na maaaring gumawa ng mahahalagang desisyon na nagpapakahulugan sa TIRC Act. Naniniwala ang TIRC na mahalagang ibigay sa Korte ang interpretasyon nito ng batas upang ipahayag ang mga pananaw nito sa Korte habang ginagawa nitong tukuyin ang mga balangkas ng Batas. Ang bagay na iyon ay nananatiling nakabinbin.
- Naglutas ng maraming mga kaso, kabilang ang sumusunod na mga kumakatawang kaso:
 - ❖ **Arthur Edmonson:** Sa pagtukoy sa mga naunang kaso nito na nagbibigay-kahulugan sa torture, tinukoy ng Torture Commission na, sa ilang partikular na pagkakataon, ang isang suntok sa dibdib ay maaaring maging torture kapag sinamahan ng sapat na pagdurusa sa isip na dulot ng isang lehitimong takot sa karagdagang pisikal na pang-aabuso. Isinangguni ng Torture Commission ang kaso sa korte para sa karagdagang mga paglilitis.

pagpapatuloy ng torture inquiry and relief commission

- ❖ **Dante Brown:** Tinukoy ng Torture Commission na ang bahagyang humihinang kapasidad sa pag-iisip ng naghahabol ay hindi sapat upang mapagkakatiwalaang ipaliwanag ang kanyang kabiguan na mag-akusa ng torture hanggang humigit-kumulang isang dekada pagkatapos ng kanyang pagka-aresto. Ipinasya ng Torture Commission na ang mga tala at pahayag ng mga abogado sa paglilitis ng naghahabol sa Torture Commission na nagpapakita na si Brown ay hindi nag-akusa ng torture bago ang paglilitis ay mas kapani-paniwala kaysa sa pahayag ng naghahabol na nang maglaon ay sinabi niya sa kanyang orihinal na abogado sa paglilitis na siya ay pisikal na inabuso ng pulisya. Tinanggihan ng Torture Commission ang paghahabol.

Ang TIRC ay nagpadala sa korte ng kabuuang 55 mga paghahabol para sa karagdagang paglilitis at tinanggihan ang 137 mga paghahabol. Ang iba pang 69 na mga paghahabol o pagtatangkang mga paghahabol ay binawi ng mga naghahabol o kaya ay administratibong ibinasura dahil sa nahuli sa pagsasampa o iba pang balakid sa hurisdiksyon. Sa 55 mga naghahabol na isinangguni ng TIRC sa korte para sa karagdagang paglilitis:

- 4 ay nagkaroon ng mga pagdinig sa torture at pinahinto ang kanilang mga pag-amin at ang mga paratang laban sa kanila ay pinawalang-saysay;
- 1 ay nagkaroon ng pagdinig sa torture at pinahinto ang kanyang pag-amin at muling lilitisin nang hindi gagamitin ang pinilit na pag-amin;
- 5 ay pinawalang-saysay ang mga paratang bago o sa panahon ng kanilang pagdinig, o bago inilabas ang isang desisyon sa pagdinig;
- 8 ay umabot sa isang plea agreement upang paikliin ang kanilang mga sentensiya;
- 1 ay nagkaroon ng pagdinig sa torture na nagpasya na ang kanyang pag-amin ay katanggap-tanggap at hindi inapela ang desisyong iyon;
- 2 ay nagkaroon ng mga pagdinig sa torture na nagpasya na ang kanilang mga pag-amin ay katanggap-tanggap at kasalukuyang umaapela sa mga desisyong iyon;
- 32 ay naghihintay pa rin ng kanilang mga pagdinig sa torture o bagong suppression hearing;
- 1 naghahabol ang namatay sa kulungan habang hinihintay ang kanyang pagdinig sa torture; at
- 1 naghahabol ay natanggihan ng pagdinig sa torture pagkatapos ng desisyon ng isang hukom ng Circuit Court na walang hurisdiksyon ang TIRC na isangguni ang paghahabol sa korte; inapela niya ang desisyong iyon.


Sa siyam na naghahabol na napawalang-saysay ang kanilang mga paratang, lima ang nakatanggap ng Certificate of Innocence.

Tinanggihan ng Torture Commission ang paratang na torture ng isa pang naghahabol, ngunit dahil lamang sa nawalan ito ng hurisdiksyon nang pinawalang-saysay ang mga paratang laban sa naghahabol matapos ang mga pagsusuri sa DNA na hiniling ng TIRC ay nagdawat ng isa pang suspek sa isang dekadang gulang na kaso ng pagpatay. Ang naghahabol ay nakatanggap din ng Certificate of Innocence, at ang bagong suspek ay kinasuhan at umamin ng pagkakasala, na nakatanggap ng 50-taong pagkakulong.

INAASAHAN SA HINAHARAP

Sa kabila ng tumaas na mga paglilitis ng kaso sa 2022, higit pa ang magagawa at gagawin para mapataas ang bilang ng mga paglilitis at ng pangkalahatang bilang ng TIRC sa darating na taon. Bagaman mas maraming bilang ng mga kaso sa bawat Case Attorney at sa kabuuan ay nakamit noong 2022, ang mga bakanteng posisyon sa kawani ay patuloy na humahadlang sa Torture Commission na magamit nang husto ang mga rekurso nito at magastos ang kasalukuyang badyet nito. Sa 2023, ang Torture Commission ay nakatuon sa pagpapataas ng paggamit ng badyet sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga bakanteng posisyon. Sa ganap na paggamit ng mga kawani sa 2022, inaasahan ng Torture Commission na tataas pa ang bilang ng paglilitis ng kaso, at ito ay nagtatakda ng layunin na lutasin ang 60 mga kaso sa taong 2023.

Hindi inaasahan ng Torture Commission na kakailanganin ng trabaho nito sa 2023 ang karagdagang pondo para sa iba pang mga ahensya.



Komisyon sa Karapatang Pantao ng Illinois

<https://hrc.illinois.gov>

Chicago

160 North LaSalle Street,
Suite N-1000
Chicago, Illinois 60601
312-814-6269 telepono

Springfield

300 West Jefferson Street,
Suite 108
Springfield, Illinois 62702
217-785-4350 telepono

TTY/TDD Line 866-832-2298

KAHILINGAN PARA SA RASONABLENG MGA AKOMODASYON: Ang mga serbisyo sa Komisyon sa Karapatang Pantao ng Illinois [*Illinois Human Rights Commission*] ay naa-access at magagamit ng mga taong may kapansanan bilang pagsunod sa Batas sa Karapatang Pantao ng Illinois [*Illinois Human Rights Act*]. Ang isang taong may kapansanan na nangangailangan ng akomodasyon upang makibahagi sa anumang mga aktibidad ng Komisyon ay dapat makipag-ugnayan sa Commission Disability Access Coordinator sa 312-814-6269 o (TTY) 217-557-1500 o sa HRC.NEWS@illinois.gov. Ang Komisyon ay nangangailangan ng limang (5) araw ng negosyo upang suriin ang anumang rasonableng akomodasyon.